



Filipino sa Akademya: Hamon at Oportunidad sa Pagpapalawak ng Wikang Pambansa

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

Ang unibersidad ay hindi lamang lugar para sa pagkuha ng degree. Ito ay espasyo kung saan nililikha, sinusuri, at ipinapasa ang kaalaman. Dahil dito, mahalaga ang wikang ginagamit sa akademya. Sa Pilipinas, matagal nang umiiral ang tensiyon sa pagitan ng Filipino at English bilang mga wika ng pagtuturo, pananaliksik, at akademikong komunikasyon. Bagama't malaki ang papel ng English sa pandaigdigang akademya, may mahalagang oportunidad na gamitin at paunlarin ang Filipino bilang wika ng scholarly discourse at kaalamang may kaugnayan sa lokal na karanasan.


Hindi bago ang pagkilala sa Filipino bilang mahalagang bahagi ng edukasyon. Ang 1987 Bilingual Education Policy mismo ay nagtakda ng layuning paunlarin ang Filipino bilang wika ng literacy, pambansang pagkakaisa, at scholarly discourse. Itinakda rin nito na ang mga institusyong tersiyaryo ay dapat manguna sa patuloy na intellectualization ng Filipino. Gayunpaman, makalipas ang ilang dekada, nananatiling hamon ang aktuwal na paggamit nito sa mga institusyon ng higher education.

Ipinakita ni Symaco (2017) na ang language policy at aktuwal na language practices sa edukasyon ay may malapit na ugnayan sa access, influence, at oportunidad sa labor market. Sa Pilipinas, ang globalisasyon ay nagpalakas sa posisyon ng English bilang wika ng international employment at knowledge economy. Dahil dito, maaaring makita ang English bilang mas praktikal na academic language, samantalang ang Filipino ay kadalasang naiuugnay sa national identity at general communication. Ang ganitong hierarchy ay naglilimita sa posibilidad na gamitin ang Filipino sa mas malawak na larangan ng scholarship.

Makikita ang ganitong sitwasyon sa mismong university classroom. Sa pag-aaral ni Vizconde (2011) sa isang Philippine comprehensive university, sinuri ang language practices ng mahigit isang libong estudyante at mahigit isang daang guro. Lumitaw na ginagamit ang parehong English at Filipino, ngunit may pagkakaiba sa preferences ng mga guro at estudyante. Ipinapakita nito na ang language policy sa higher education ay hindi lamang usapin ng opisyal na dokumento. Nakaugat din ito sa aktuwal na gawi, pananaw, at pangangailangan ng academic community.

Hindi rin nangangahulugan ang pagpapalawak ng Filipino na kailangang alisin ang English. Sa pag-aaral ni Perfecto (2022), ipinakita kung paano ginagamit ng mga guro ang translanguaging, direct translation, code-switching, at metalinguistic explanation upang tulungan ang multilingual learners. Ang ganitong approach ay nagpapakita na maaaring magtulungan ang iba't ibang wika sa proseso ng pagkatuto. Sa higher education, maaaring gamitin ang Filipino upang gawing mas accessible ang mahihirap na konsepto habang pinananatili ang English bilang mahalagang resource para sa international scholarship.

Gayunman, nananatiling ideolohikal ang debate tungkol sa wika sa edukasyon. Ayon kina Bravo-Sotelo et al. (2024), ang Philippine language policy ay patuloy na nakararanas ng ideological tension sa pagitan ng multilingual inclusion at ng dominanteng paniniwalang mahalaga ang English para sa economic at technological development. Iminumungkahi ng kanilang Naverin framework ang mas balanseng





pagtingin sa national, vernacular, at international linguistic resources. Ang ganitong pananaw ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa higher education kung saan kailangang pagsabayin ang local relevance at global participation.

Mahalaga rin ang classroom-level implementation. Ipinakita ni Parba (2018) na kahit may multilingual education policy, patuloy na malakas ang English ideology sa mga paaralan. Gayunman, nagbago ang pananaw ng ilang guro nang makita nila ang pedagogical value ng paggamit ng local language. Ipinapakita nito na ang pagpapalawak ng Filipino ay nangangailangan hindi lamang ng policy statements kundi ng teacher preparation, learning materials, institutional support, at pagbabago sa language attitudes.

Sa akademya, maaaring magkaroon ng mas malaking espasyo ang Filipino sa research dissemination, public scholarship, lectures, textbooks, community engagement, at interdisciplinary work. Maaari ring hikayatin ang mga estudyante at guro na magsulat sa Filipino kapag ang kanilang target audience ay mga lokal na komunidad. Sa ganitong paraan, ang kaalamang nililikha sa unibersidad ay hindi nananatili sa loob ng akademikong institusyon.

Ang tunay na intellectualization ng Filipino ay hindi simpleng pagpapalit ng English sa Filipino. Ito ay proseso ng paglikha ng sapat na bokabularyo, terminolohiya, literatura, research resources, at institutional practices upang magamit ang Filipino sa seryosong produksyon at pagpapalitan ng kaalaman. Kung maisasagawa ito nang may pagpapahalaga rin sa English at mga wikang katutubo, maaaring maging mas inclusive at mas makabuluhan ang akademikong espasyo.

Sa huli, ang Filipino sa akademya ay hindi dapat tingnan bilang hadlang sa global competitiveness. Maaari itong maging tulay sa pagitan ng unibersidad at lipunang pinaglilingkuran nito. Ang isang wikang pambansa ay tunay na lumalakas hindi lamang kapag ginagamit sa pang-araw-araw na usapan, kundi kapag kaya rin nitong magsalita tungkol sa agham, batas, edukasyon, teknolohiya, kultura, at mga komplikadong suliranin ng bayan.

References

- Bravo-Sotelo, K. P., McLellan, J., & Haji-Othman, N. A. (2024). *The ideological tug-of-war of language policies in the Philippines: Perspectives and proposal*. *Asian Englishes*, 26(2), 564–578. <https://doi.org/10.1080/13488678.2023.2257946>
- Parba, J. (2018). Teachers' shifting language ideologies and teaching practices in Philippine mother tongue classrooms. *Linguistics and Education*, 47, 27–35. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2018.07.005>
- Perfecto, M. R. G. (2022). English language teaching and bridging in mother tongue-based multilingual education. *International Journal of Multilingualism*, 19(1), 107–123. <https://doi.org/10.1080/14790718.2020.1716771>
- Symaco, L. P. (2017). Education, language policy and language use in the Philippines. *Language Problems and Language Planning*, 41(1), 87–102. <https://doi.org/10.1075/lplp.41.1.05sym>
- Vizconde, C. J. (2011). When language use doesn't see eye to eye: Language practices of teachers and students in a Philippine comprehensive university. *KEDI Journal of Educational Policy*, 8(1), 123–141. <https://doi.org/10.22804/kjep.2011.8.1.006>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000013; Natanggap: Pebrero 16, 2026; Tinanggap: Pebrero 17, 2026; Nailathala: Pebrero 19, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). Filipino sa Akademya: Hamon at Oportunidad sa Pagpapalawak ng Wikang Pambansa. *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/9x1a9498

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

